


Araling Panlipunan

Unang Markahan – Modyul 6: Mahahalagang Anyong Lupa at Anyong Tubig sa Sariling Lalawigan at mga Karatig na Lalawigan Nito



Araling Panlipunan – Ikatlong Baitang

Alternative Delivery Mode

Unang Markahan – Modyul 6: Mahahalagang Anyong Lupa at Anyong Tubig sa Sariling Lalawigan at mga Karatig na Lalawigan Nito

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Leonora S. Valera

Editor: Mailen D. Cabillan, Glee S. Cavan, Adelma D. Cudera,

Tagasuri: Edgardo D. Pamugas III, Rosemarie T. Realino, Archie E. Año,
Alejandre S. Fernandez Jr., Guillesar P. Villarente, Jeneth D. Tabungar

Tagaguhit: Cris A. Aquino, Aiza Lou A. Bernaldez, Cherie Mae A.
Caduyac, Eduardo, Jr. A. Eroy, Jules Bernard G. Guinita,
Marvin P. Linogao, Edieson John C. Mag-aso, Sharon C. Marimon,
Ryan R. Padillos, Nylle Ernand D. Silayan

Tagalapat: Alpha Amor G. Mangulicmot, Patrick John P. Peresores

Tagapamahala: Allan G. Farnazo	Nelson C. Lopez
Mary Jeanne B. Aldeguer	Cheerylyn A. Cometa
Analiza C. Almazan	Christopher P. Felipe
Danilo R. Dohinog	Leonora Liza D. Dacillo
Ma. Cielo D. Estrada	Alicia I. Ayuste

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region XI

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov

Araling Panlipunan

Unang Markahan – Modyul 6:
Mahahalagang Anyong Lupa
at Anyong Tubig sa Sariling
Lalawigan at mga Karatig na
Lalawigan Nito

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Isang maligayang pagtuntong sa Ikatlong Baitang!
Ang modyul na ito ay ginawa upang mas mapalalawak pa ang iyong kaalaman ukol sa mahahalagang anyong lupa at anyong tubig sa iyong lalawigan at maging sa mga karatig na lalawigan sa iyong rehiyon.

Ito ay makatutulong sa iyo kung papaano mo matutunton at makikilala ang iba't ibang lugar, mga anyong lupa o anyong tubig ng iyong lalawigan at mga karatig nito sa tulong ng mapa. Mahalagang malaman mo ang paggawa ng mapa upang mapadali ang pagtunton o pagturo sa mapa ng mga lugar na nais mong mapuntahan o hindi mo kilala.

Handa ka na ba? Tara na at lakbayin ang daan patungo sa karunungan!

Sa pag-aaral ng lalawigan at rehiyon, mahalagang matutuhan ang paggamit at paggawa ng mapa. Ito'y magsisilbing gabay sa lubusang pagkilala ng katangiang- pisikal ng sariling lalawigan, rehiyon, at ng karatig nito.

Sa araling ito, ikaw ay inaasahan na:

1. Nagagawa ang payak na mapa na nagpapakita ng mahahalagang anyong lupa at anyong tubig sa sariling lalawigan at rehiyon; at
2. nagagamit ang mapa sa pagtukoy ng mahahalagang anyong lupa at anyong tubig sa sariling lalawigan at rehiyon (AP3-LAR-If-10).



Subukin

Tukuyin ang kinaroroonang lugar ng mga mahahalagang anyong lupa at anyong tubig ng rehiyon. Isulat ang sagot mula sa loob ng kahon sa sagutang papel.



Photo credits to: Micah E. Arellano



Photo credits to: Anna Marie V. Maynopas



Photo credits to: Christian Jay R. Pasana



Photo credits to: Vernel G. Valera



Photo credits to: Grace D. Pontillas


Davao de Oro	Davao Oriental	Davao del Norte
Davao del Sur	Davao Occidental	

Aralin

1

Mahahalagang Anyong Lupa at Anyong Tubig sa Sariling Lalawigan at mga Karatig na Lalawigan Nito

Mayaman ang rehiyon natin sa mga mahahalagang anyong lupa at anyong tubig na maaaring maipagmalaki natin at makikita ito sa mapa.



Balikan

Markahan ng tsek (/) kapag nagsasaad ng katotohanan ang pangungusap at ekis (X) kapag hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang hilagang kabundukan ng Davao del Norte ay nagsisilbing hangganan ng lalawigan sa ibang rehiyon.
2. Madadaan ang ilang bahagi ng lalawigan ng Davao del Sur at Davao Oriental kung aakyat sa Mt. Apo.
3. Magtanim ng mga punongkahoy sa kabundukan upang maiwasan ang pagguho ng mga lupa.
4. Lilinisin ang paligid ng mga ilog para manatiling malinis ang tubig patungong kanayunan.
5. Pinagdugtong dugtong ng ilog ng Agusan ang mga lalawigan ng Davao del Norte, Davao de Oro at Davao Oriental.



Mga Tala para sa Guro

Basahin at ipaunawa nang mabuti ang mga panuto sa bawat hakbang at gawain. Ipaalala sa mag-aaral na gumamit ng hiwalay na papel sa pagsulat ng kanilang mga sagot sa mga gawain. Lahat ng sagutang papel at mga proyektong nagawa ay ipapasa sa guro upang mabigyan ng nararapat na marka.



Tuklasin


Ang iyong kaibigan ay nais puntahan ang mga magagandang tanawin sa iyong lugar ngunit hindi niya alam ang papunta roon, Ano kaya ang mainam gawin? Kailangan natin siya bigyan ng mapa, Halika, gawa tayo ng mapa!



Suriin

Ang bawat lalawigan sa ating rehiyon ay mayroong magagandang mga anyong lupa at anyong tubig na maaring nating ipagmalaki, kagaya na lang ng magandang dalampasigan ng Dahican Beach na matatagpuan sa lalawigan ng Davao Oriental, Dinarayo rin ng mga turista dahil sa malinis at magandang tanawin nito, ang Island Garden City of Samal na nabibilang sa lalawigan ng Davao del Norte

at hindi rin pahuhuli ang Little Boracay ng lalawigan ng Davao Occidental. Ang pinakamataas na bundok sa Pilipinas, ang Bundok Apo na matatagpuan sa lalawigan ng Davao del Sur ay isa rin sa mga gustong akyatin na bundok ng mga turista at sa lalawigan naman ng Davao de Oro ay may tanyag na pasyalan ang Maco Mainit Falls. Ang lahat ng mga ito ay maaring makita sa mapa sa tulong ng mga simbolo upang madali mong matagpuan ang lugar.



Pagyamanin

Gawain A

Iguhit ang araw (☀) kung tama ang pangungusap at buwan (☾) naman kung hindi. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.


1. Sa lalawigan ng Davao del Norte ay matatagpuan ang Island Garden City of Samal at ito ay kilala dahil sa malinis at malinaw nitong baybayin at dagat.
2. Ang Little Boracay ay isang Beach Resort na dinarayo rin ng mga tao at ito ay makikita sa lalawigan ng Davao Oriental.
3. Isa sa mga anyong lupa ang Bundok Apo at ito ay makikita sa lalawigan ng Davao del Sur.
4. Ang lalawigan ng Davao de Oro ay kilala sa kanilang Maco Mainit Falls.
5. Ang tanyag na Aliwagwag Falls ay matatagpuan sa lalawigan ng Davao Occidental.

Gawain B

Tingnan ang mga simbolo sa lalawigang kinaroroonan. Isulat ang nararapat na hanap-buhay sa bawat simbolo ng bawat bilang sa sagutang papel.

Halimbawa: 1. panggagamot

pangangahoy	pangingisda	pagtatanim
panggagamot	pag-aalaga ng hayop	





Isaisip

- Ano- ano ang anyong lupa at anyong tubig na binanggit sa unahan?
- Bilang isang mag-aaral, paano ka makatutulong upang mapangalagaan ang mga nabanggit na anyong lupa at anyong tubig sa kinabibilangang lalawigan?



Isagawa

Basahin at unawaing mabuti ang sumusunod na kalagayan at ang bawat tanong. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat ito sa sagutang papel.

Tapos na ang pasukan at buwan na naman ng Abril kung kaya't panahon na naman ng bakasyon. Ang magkakapatid na sina Marielle, Nice at Verl ay mga mag-aaral na mula sa Ikatlong Baitang ng Guihing Central Elementary School. Nakagawian na ng tatlong bata na magbakasyon sa kanilang lolo at lola sa San Isidro, Davao Oriental. Subalit sa pagkakataon ngayon ay hindi sila masamahan ng kanilang mga magulang dahil abala ang mga ito sa paghahanap-buhay at hindi alam ng tatlong bata ang patungo roon. Tanging ang nakatatandang pinsan lamang nila na si Dhan ang maaring sumama sa kanila. Sinabihan sila ng kanilang magulang na magdala ng mapa upang malaman ang daan patungo roon at hindi sila mawala.

1. Ano ang kinakailangan ng tatlong bata para matunton ang lugar na gusto nilang puntahan?
 - A. mapa
 - B. globo
 - C. larawan
 - D. simbolo

2. Alin sa mga mapang ito ang dapat nilang gamitin para mas madaling mapuntahan ang lugar na tinitirhan ng kanilang lolo't lola?
 - A. mapang pisikal
 - B. mapang pangklima
 - C. mapang pangkultura
 - D. mapang pang-ekonomiya

3. Sa pagpunta nila Marielle, Nice at Verl sa kanilang lolo at lola sa San Isidro, Davao Oriental. Ano ang kailangan nilang makita sa mapa?
 - A. simbolo ng mga anyong lupa at tubig sa bawat lalawigan
 - B. pangalan ng mga mambabatas sa bawat lalawigan
 - C. natatanging daanan papunta sa Davao Oriental
 - D. magagandang tanawin ng mga madadaanang lugar

4. Paano nakatulong sa tatlong bata ang pagkakaroon nila ng mapa?
 - A. gumaan ang kanilang pag-aaral
 - B. nasiyahan ang kanilang mga kaibigan
 - C. napuntahan ang kanilang lolo at lola
 - D. napagaan ang hanapbuhay ng kanilang mga magulang


5. Alin sa sumusunod na lalawigan ang huling madadaanan ng mga magkakapatid bago marating ang San Isidro, Davao Oriental?
- Davao de Oro
 - Davao Oriental
 - Davao del Norte
 - Davao Occidental




Tayahin

Gamitin ang mapa ng Davao Region. Banggitin ang mahahalagang anyong lupa at anyong tubig na tinutukoy ng bawat simbolo sa kinabibilangang lalawigan. Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon at isulat sa sagutang papel.

Little Boracay Beach	Bundok Apo	Dahican
Pearl Farm Resort	Maco Mainit Falls	





Karagdagang Gawain

Gumawa ng payak na mapa ng iyong kinabibilangang lalawigan at lagyan ng pananda na nagpapakita sa mga mahahalagang anyong lupa at anyong tubig dito.



Susi sa Pagwawasto

<p>Karagdagang Gawain</p>	<p>Tayahin</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Little Boracay 2. Bundok Apo 3. Pearl Farm Resort 4. Maco Mainit Falls 5. Dahican Beach 	<p>Isagawa</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. A 2. A 3. C 4. C 5. A
<p>Pagyamanin</p> <p>Gawain A</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. ☀ 2. ☾ 3. ☀ 4. ☀ 5. ☾ <p>Gawain B</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. pangagamot 2. pangangahoy 3. pag-aalaga ng hayop 4. pagtatanim 5. pangngisda 	<p>Balikan</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. X 2. X 3. / 4. / 5. X 	<p>Subukin</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Davao del Norte 2. Mati City 3. Davao Occidental 4. Davao del Sur 5. Davao de Oro

Sanggunian

Manalo, Thea Joy G., Charity A. Capunitan, Walter F. Galarosa, and Rodel C. Sampang, *Araling Panlipunan 3 Kagamitan ng Mag-aaral Sinugbuanong Binisaya*. Pasig City Philippines: Book Media Press, Inc., 2015, 2-9.

Amboni, Ma. Lynie R., Archie E. Año, Rheex G. Castor, Myla A. Gerodias, Rosemarie T. Realino, Melfrie E. Gudmalin, Julieta V. Maluenda, Genelly A. Priagola, Ruth D. Salarda, Imelda T. Cardines, Jonathan B. Catubig, Gemma G. Daño, Iren C. Limit, Grace D. Pontillas, EdD, Rowena P. Flores, Lovelyrose Mary L. Sabuga-a, Rona T. Apique, Leonora Liza D. Dacillo, *Araling Panlipunan 3 Kagamitan ng Mag-aaral Rehiyon XI – Rehiyon ng Davao*. Pasig City Philippines: Studio Graphic Corp., 2019, 2-10.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph